
# 20　Administrative Scrivener

Ang Administrative scrivener ay dalubhasa sa batas at tumutugon sa mga konsultasyon para patunayan ang karapatan at katotohanan ng isang dokumento, ng naaayon sa batas at ipasa ito sa public office.

Isa sa mga trabaho ng administrative scrivener ay mag-asikaso ng papeles ng dayuhan na matagal nang naninirahan sa Japan at gustong kumuha ng citizenship bilang isang Hapon. Maaaring magtanong at kumunsulta sa kanila.

Marami ang nakakuha ng eksaminasyon sa pagiging administrative scrivener dahil kahit sino ay maaaring mag-aral at kumuha ng eksaminasyon habang nagtatrabaho.

## Para maging isang administrative scrivener




**＜Maagang preparasyon＞**

Para maging isang administrative scrivener, kailangan maipasa ang pagsusulit tungkol sa iba't ibang bagay na may kinalaman sa civil law at konstitusyon ng Japan. Kailangan ang mataas na antas ng kaalaman sa batas at maging sa Japanese language. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaring mamili sa dalawa, magtrabaho sa opisina ng administrative scrivener o ( magtayo ng sariling opisina). Depende sa uri ng trabaho na ginagawa ng isang administrative scrivener, ang suweldo nito ay umaabot mahigit sa 2,000,000 – 6,000,000 yen kada taon.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

May dalawang paraan para makapasa sa pagiging administrative scrivener, self study o pumasok sa isang preparatory school. Karamihan sa mga taong may alam tungkol sa batas ay bumibili ng reference book at nag-aaral na mag-isa. Subalit dahil sa mahirap makapasa kung self-study lang ang gagawin, mas pinipili ng karamihan na pumasok o mag-aral sa paaralan o ( preparatory school).

May pagkakaiba depende sa paaralan ( preparatory school) ang babayaran pero aabutin ng 200,000 yen ang magagastos sa loob ng isang taon. Posible rin na mag-aral sa pamamagitan ng distance learning education at mas mura ito kung ikukumpara sa paaralan o (preparatory school) na 60,000 yen ang magagastos sa kalahating taon.